International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 25, 47-64

Paggamit ng think-aloud protocol teknik sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa mga piling parabula

Ogoc, Edsel A.✉
Arcelo Memorial National Night High school, Philippines (edselogoc@gmail.com)

Received: 5 November 2026 **Revised**: 18 November 2026 **Accepted**: 20 November 2026
Available Online: 21 November 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26481

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstrak

Sinuri ng pag-aaral na ito ang epekto ng Think-Aloud Protocol Teknik sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa mga piling parabula ng mga mag-aaral. Layunin ng pananaliksik na alamin ang antas ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pagkilala sa bokabularyo, pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari, at pagsusuri sa kaisipan at elemento ng akda, pati na ang kanilang persepsyon sa estratehiya. Ginamit sa pag-aaral ang one-group pretest-posttest quasi-experimental design at isinagawa ito sa Cebu Technological University–Consolacion Campus sa munisipalidad ng Consolacion, Cebu, Philippines. Sa pamamagitan ng purposive sampling, apatnapung (40) mag-aaral ng Bachelor of Elementary Education (BEEd 2-1) ang nagsilbing mga respondente. Nakalap ang mga datos gamit ang binuong pauna at panghuling pagsusulit batay sa tatlong piling parabula pati na ang talatanungan sa persepsyon, at sinuri ang mga ito gamit ang weighted mean, standard deviation, at paired t-test. Ipinakita sa mga resulta na sa paunang pagtatasa gamit ang tradisyonal na pagtuturo, may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa literal na pag-unawa ngunit nahirapan sa mas mataas na antas ng pag-iisip. Matapos mailapat ang Think-Aloud Protocol Teknik, nagkaroon ng malaking pag-unlad at pag-angat sa lahat ng sinusuring kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng pagsusuring estadistikal na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap sa lahat ng pamantayan, na humantong sa pagtanggi sa null hypothesis. Nagpatunay ang pag-aaral na ang Think-Aloud Protocol Teknik ay isang mabisang metakognitibong estratehiya na nag-aangat sa komprehensyon ng mga mag-aaral mula sa simpleng pag-alala patungo sa kritikal na pagsusuri ng parabula. Sa pamamagitan ng pagpapasalita sa kanilang proseso ng pag-iisip habang nagbabasa, mas madaling nasusubaybayan at nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga talinghaga at aral ng akda. Inirerekomenda ang paggamit ng binuong modyul sa pagtuturo ng parabula upang magsilbing praktikal na gabay sa sistematikong pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Mga Susing-Salita: think-aloud protocol, pagpapaunlad ng pag-unawa, parabula, modyul

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Paggamit ng think-aloud protocol teknik sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa mga piling parabula

1. Panimula

Ang pagbasa ay isa sa mga pinakamahalagang kasanayan na puwedeng matutunan ng sinuman. Sa madaling salita, ang pagbasa ay ang proseso ng pag-unawa, pagbibigay-kahulugan, at pagsasala ng mga simbolo o salita para makuha ang impormasyon o mensahe na nais iparating ng teksto. Hindi lang ito basta pagtingin sa mga nakasulat na letra; ito ay isang aktibong proseso ng pag-iisip kung saan pinagsasama ng mambabasa ang kanyang kaalaman, karanasan, at maging ang kaniyang imahinasyon sa nilalaman ng kaniyang binasa.

Sa pag-aaral nina Castles et al. (2018), ang proseso ng pagbasa ay nagsisimula sa mabilis at tumpak na pagkilala sa mga simbolo at salita (word recognition/decoding). Gayunpaman, binigyang-linaw sa pananaliksik na ang panghuling layunin ng pagbasa ay ang pag-unawa sa kahulugan, na nangangailangan ng pagsasama ng kasanayang pangwika at paunang kaalaman sa mundo. Sa pag-aaral nina Butterfuss et al. (2020), inilarawan ang pagbasa bilang isang interaktibo at sabayang proseso ng pagbuo ng kahulugan, kung saan ang mambabasa ay aktibong nakikisalamuha sa teksto. Ipinakita sa kanilang pananaliksik na ang pagbasa ay hindi pasibong pagtanggap lamang ng impormasyon kundi dynamic na pakikipag-ugnayan sa ideya ng may-akda. Samantala, ayon kay Duke et al. (2021), ang pag-unawa sa binasa ay isang komplikadong proseso kung saan ang mambabasa ay sabay-sabay na naghahango (extract) at nagbubuo ng kahulugan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa nakasulat na wika. Binigyang-diin sa kanilang pananaliksik na ang pag-unawa ay nakasalalay sa tatlong mahalagang elemento: ang mambabasa, ang teksto, at ang layunin ng pagbasa.Sa patuloy na pag-unlad ng sistema ng edukasyon, nananatiling hamon parin ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon sa ulat ng OECD (2019) mula sa resulta ng *Programme for International Student Assessment* (*PISA*) Ang Pilipinas ay nakakuha ng pinakamababang marka sa pagbasa (Reading Literacy) sa kabuuan ng 79 na bansang lumahok. Ipinakita nito na marami sa mga mag-aaral na Pilipino ay hirap sa pag-unawa ng mga tekstong may katamtamang haba at pagtukoy sa pangunahing ideya nito. Ang ilan sa mga suliraning karaniwang nararanasan lalong-lalo na sa pagtuturo ng mga malikhaing sulatin ay ang kakulangan sa pag-unawa sa tekstong binasa.

Dagdag pa rito, ayon sa pag-aaral nina Idulog et al. (2023), ang pag-unawa sa binasa ay nananatiling isang malaking hamon sa mga mag-aaral dahil sa limitadong bokabularyo, kawalan ng sapat na kagamitan sa pagbasa, at kulang na suporta sa pagkatuto. Sa isang pag-aaral nina Oczon et al. (2022) sa kontekstong Pilipino, binigyang-diin na ang modeling ng guro gamit ang think-aloud sa wikang Filipino o mother tongue ay nagpapabilis sa paglipat ng kasanayan (*skill transfer*) sa mga mag-aaral na hirap sa pag-unawa. Sa karagdagan, ayon sa pag-aaral ni Botor (2025), ang maayos na pagpili at paggamit ng angkop na estratehiya ng guro sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasa nilang teksto sa Filipino. Napapanahon ang pag-aaral na ito sapagkat tumutugon ito sa kasalukuyang hamon sa edukasyon hinggil sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa loob ng silid-aralan, kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nakakabasa ngunit nahihirapang ipaliwanag ang kanilang nabasa. Dahil dito, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga estratehiya at pamamaraang makatutulong upang mapaunlad ang kanilang kakayahang mag-analisa at magbigay-interpretasyon sa teksto.

Sa Cebu Technological University-Consolacion Campus, malinaw na nakita ang suliranin sa pag-unawa sa mga parabula sa asignaturang Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya (II) Panitikan ng Pilipinas, partikular sa kakulangan sa kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa. Kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nakababasa ng teksto ngunit nahihirapan sa pagkuha ng pangunahing ideya, paghinuha ng kahulugan, at pagsusuri ng mensahe. Madalas, literal lang ang pagkaunawa nila at hindi nila nakikita ang mas malalim na kahulugan o konteksto. Dahil dito, napili ang *Think-Aloud Protocol* Teknik dahil agad nitong naisisiwalat sa guro ang mga maling interpretasyon ng mga mag-aaral habang binabasa ang parabula. Pinalalitan

din nito ang pasibong pagbasa tungo sa aktibong pakikipag-ugnayan sa teksto upang mabawasan ang panghuhula sa pagbibigay-kahulugan sa mga talinghaga sa parabula. Ang mga nabanggit na suliranin ang nag-udyok sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito. Target nito na gumamit ng mga epektibong estratehiya na makakatulong sa mga mag-aaral na mas matuto sa pagbasa, pag-unawa ng teksto, at pag-iisip nang malalim.

Sa kabuoan, lumitaw na ang pag-aaral sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng parabula ng mga mag-aaral ay mahalaga sa kanilang akademikong pag-unlad at personal na pagkatuto. Pinapalawak nito ang kanilang kaalaman at pagpapahalaga sa impormasyon, habang pinapalakas ang kakayahang mag-analisa at mag-isip nang kritikal.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng Think-Aloud Protocol Teknik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga piling parabula ng mga mag-aaral sa BEEd 2-1 sa Cebu Technological University – Consolacion Campus. Partikular na tinukoy ng pag-aaral ang antas ng paunang pagganap ng mga mag-aaral gamit ang kumbensyonal na paraan at ang kanilang panghuling pagganap gamit ang bagong teknik sa mga kompetensi ng pagkilala sa bokabularyo, pagkasunod-sunod ng mga pangyayari, at pagsusuri sa kaisipan at elemento ng akda. Sinuri rin kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang persepsiyon sa paggamit ng estratehiya. Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng isang kapaki-pakinabang na modyul sa paglinang ng pag-unawa sa pagbasa ng parabula.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtatasa at pagpapaunlad ng pag-unawa sa pagbasa ng mga piling parabula sa pamamagitan ng Think-Aloud Protocol Teknik. Saklaw nito ang tatlong pangunahing kompetensi: ang pagkilala sa bokabularyo, pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari, at pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda batay sa mga parabulang “Ang Manghahasik,” “Ang Alibughang Anak,” at “Ang Talento”. Ang mga naging respondent ay ang apatnapung (40) mag-aaral na opisyal na nakatala sa programang Bachelor of Elementary Education (BEEd 2-1) sa Cebu Technological University – Consolacion Campus para sa Taong Panuruan 2026–2027. Nilimitahan ang pag-aaral sa nasabing seksyon lamang at hindi na isinama ang ibang antas o programa. Nakapokus din ito nang lubusan sa anyong pampanitikan na parabula at sa implementasyon ng Think-Aloud Protocol Teknik nang walang paghahambing sa iba pang estratehiya sa pagtuturo.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang mga sumusunod na tao at institusyon ay makikinabang mula sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng parabula ng mga mag-aaral.

- **Administrasyon**: Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga administrasyon sapagkat magsisilbi itong batayan sa pagdedesisyon hinggil sa pagpapatupad ng mga programang pampagbasa at mga interbensyong pang-akademiko.

- **Mga Guro**: Ang mga resulta sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro sapagkat maghahain ito ng sistematikong gabay sa paggamit ng Think-Aloud Protocol bilang gabay sa pagtututo sa loob ng klase.

- **Mga Mag-aaral:** Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang pagtuunang pansin ang pagpapahusay sa kanilang kasanayan sa pagbabasa. Sa paggamit ng Think-Aloud Protocol, maaari silang magkaroon ng higit na kamalayan sa kanilang proseso ng pag-iisip habang nagbabasa. Layunin din nitong makatulong sa paglinang ng kanilang kakayahang magbigay-hinuha, magsuri ng teksto, at magbuo ng mas malalim na interpretasyon.

- **Mga Mananaliksik sa hinaharap:** Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing sanggunian at batayang literatura sa mga susunod pang pananaliksik tungkol sa metakognisyon at mga estratehiya sa pagbasa. Maaari rin itong palawakin sa iba’t ibang konteksto, asignatura, o antas ng edukasyon upang higit pang masuri ang epektibidad at kaangkupan ng Think-Aloud Protocol bilang pamamaraang

pampagtuturo.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ang one-group *pretest-posttest Quasi-Experimental* na disenyo. Ito ay disenyo ng pananaliksik kung saan iisang grupo lamang ng mga kalahok ang sinuri nang walang hiwalay na pangkat na pinagkukumparahan. Nagsimula ito sa pagbibigay ng paunang pagsusulit upang masukat ang kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Pagkatapos nito, ilalapat ang bagong pamamaraan ng pagtuturo na Think-Aloud Protocol Teknik sa parehong pangkat. Isusunod naman ang pagbibigay ng panghuling pagsusulit upang makita kung mayroong naging pagbabago o pag-unlad sa kanilang mga marka. Ginamit ang disenyong ito sa pagsisiyasat ng mga datos upang masuri ang kabuluhan at epekto sa paggamit ng Think-Aloud Protocol bilang Teknik sa pagtuturo ng kasanayan sa pagbasa ng parabula.

Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito, ang mga mag-aaral ng Bachelor of Elementary Education (BEEd) 2-1 ng Cebu Technological University- Consolacion Campus ay dumaan sa isang kontroladong proseso na nagsimula sa pagkuha ng *pre-test*. Ito ay ginawa matapos ituro ng guro ang mga parabulang gamit ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Ang paunang pagsusulit na ito ay mahalaga upang maitatag ang orihinal na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago pa man ipakilala ang bagong teknik sa pagtuturo. Kasunod ng pagkuha ng paunang datos, isinagawa ang interbensyon kung saan ilalapat ang Think-Aloud Protocol bilang pangunahing estratehiya sa loob ng silid-aralan sa pagtuturo ng parabula. Sa yugtong ito, ang mga mag-aaral ay aktibong sinanay na isatinig ang kanilang mga ideya at pagsusuri habang binabasa ang mga teksto, na naglalayong gawing mas malalim ang kanilang koneksyon sa aral ng mga parabula. Ang interbensyong ito ang magsisilbing tulay upang makita kung may magbabago sa nakasanayang paraan ng pag-unawa ng mga bata.

Pagkatapos, ibinigay ang *post-test* upang makuha ang huling resulta ng kanilang pagkatuto. Ang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka sa pauna at huling pagsusulit ang magiging pangunahing batayan ng mananaliksik sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng paghahambing ng mga *mean scores*, napatunayan sa pag-aaral na ito ang Think-Aloud Protocol ay isang mabisang kasangkapan sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa, alinsunod sa mga layunin ng pananaliksik na makahanap ng mga epektibong paraan ng pagtuturo ng panitikan.

Binigyang-tuon sa pag-aaral ang pagsusuri sa mga piling kompetensi sa maunawang pagbasa tulad ng pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda; pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari; at pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda. Ginawang lunsaran sa pagsusuri sa tatlong kompetensi ay ang mga tekstong *Ang Manghahasik (Mateo 13:1-9, 18-23), Ang Alibughang Anak (Lucas 15:11-32), at Ang Talento (Mateo 25:14-30).* Ang tatlong piling parabula ay itinakda bilang pangunahing lunsaran ng pag-aaral dahil sa kanilang mga talinghaga at aral na nangangailangan ng masusing pag-iisip, na sadyang kailangan sa paglalapat ng Think-Aloud Protocol. Ang mga ito ay pinili rin base sa pagiging angkop ng wika at paksa sa antas ng mga mag-aaral upang masiguro ang kanilang aktibong pakikilahok sa proseso ng pag-unawa.

Respondente - Ang mga mag-aaral sa Bachelor of Elementary Education (BEEd) 2-1 ng Cebu Technological University- Consolacion Campus, bilang isang pampublikong institusyong pang-tersiyarya ng munisipalidad ng Nangka, Consolacion, Cebu ang napili ng mananaliksik bilang respondente sa pag-aaral na ito sa taong panuruan 2026-2027. Ginamit ang *purposive sampling* sa pagpili ng mga respondente na nagmula mismo sa paaralang pinagtuturuan ng mananaliksik. Ang kabuoang bilang ng mag-aaral sa Bachelor of Elementary Education (BEEd) 2-1 ay apatnapu (40). Sila ang napiling maging pokus sa pag-aaral dahil sa nakitang mababang antas ng kanilang komprehensyon sa paghihinuha ng mga simbolismo at talinghagang taglay ng mga piling parabula. Sila ang nagsilbing pangunahing hanguan ng datos sa pag-aaral na ito sapagkat ang kanilang antas ng pagkatuto ay tumutugma sa mga kraytirya ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng kanilang pakikilahok, inasahang nakamit ang mga makabuluhang impormasyon na magbibigay-linaw at magpapatibay sa resulta ng isinasagawang pag-aaral.

Instrumento ng Pananaliksik - Ginamit ang pagsusulit bilang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito upang sukatin ang bisa ng Think-Aloud Protocol bilang estratehiya sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng

parabula sa asignaturang Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya (II) Panitikan ng Pilipinas. Ang pagsusulit na ginamit ay sariling likha ng mananaliksik batay sa kompetensi sa paggamit ng Think-Aloud Protocol Teknik. Nakatuon ang pagsusuri sa tatlong piling akda: *'Ang Manghahasik' (Mateo 13:1-9, 18-23)*, *'Ang Alibughang Anak' (Lucas 15:11-32)*, at '*Ang Talento' (Mateo 25:14-30)*. Ang mga parabulang ito ay ginamit upang tasain o alamin ang kasanayan sa pagbasa ng mga parabula na nag-aatas sa mga mag-aaral sa: pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda; pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari; at pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda.

Upang masiguro ang mataas na antas ng katumpakan at kredibilidad ng pag-aaral, isinailalim ang mga kalahok sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit. Ang mga aytem sa pagsusulit ay binuo batay sa tatlong espesipikong kompetensi, kung saan ang bawat akda ay kinakatawan ng tiglilimang katanungan. Ang apatnapu't limang (45) tanong na ito ay ipinasagot bilang paunang pagsusulit upang makuha ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago ang paglalapat ng pamamaraan. Matapos ang itinakdang panahon ng pagtuturo gamit ang estratehikong pamamaraan, ang mga mag-aaral ay muling sumalang sa isang panghuling pagsusulit na binubuo rin ng apatnapu't limang (45) tanong. Ang mga katanungang ito ay nakatulong sa pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga respondante gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa at ang paggamit ng Think-Aloud Protocol Teknik.

Ang mga tanong sa post-test ay may kaparehong antas ng hirap at sumusukat sa magkaparehong kasanayan ngunit binago ang pagkakaayos at kaanyuan ng mga ito. Ginawa ito upang masiguro na ang naging marka ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknik na Think-Aloud Protocol ay nagpapakita ng kanilang tunay na pag-unlad sa pag-unawa at hindi lamang dala ng pagpasaulo sa mga naunang tanong. Ang tatlong tekstong lunsaran na ginamit sa pagsasanay sa nasabing teknik ay isinailalim sa pagsusuri ng nilalaman sa tulong ng mga dalubhasa at eksperto sa larangan ng edukasyon at pananaliksik. Masusing sinuri ng mga *validator* ang bawat katanungan, ang mga panuto sa paggamit ng teknik, at ang kaangkupan ng mga teksto batay sa kalinawan, nilalaman, at antas ng hirap. Ang lahat ng kanilang mga mungkahi at rekomendasyon ay masusing isinaalang-alang sa ginawang pagwawasto ng instrumento upang matiyak ang katapatan nito. Matapos ang pagsusuri ng mga eksperto, isinagawa ang isang panimulang pagsubok sa isang pangkat ng mga mag-aaral na hindi kabilang sa mismong pananaliksik.

Sa pangalawang bahagi naman, sinuri ang persepsyon ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng Think-Aloud Protocol sa pagtuturo ng pag-unawa sa parabula. Isinagawa ito gamit ang talahanayan ng mga indikasyon sa maunawang pagbasa na nakatutok sa pagpapahayag ng iniisip habang nagbabasa, pagbuo ng prediksyon o hinuha, at pagtukoy sa mahahalagang detalye sa akda. Ginamitan ang pamamahagi ng limang antas ng pagpipilian upang sukatin ang dalas ng kanilang karanasan—mula sa lubos na sumasang-ayon, sumasang-ayon, hindi tiyak, hindi sumasang-ayon, hanggang sa lubos na hindi sumasang-ayon. Nakuha naman ang mga resulta sa pamamagitan ng paglalapat ng pagsusuring estatistikal kung saan sinuri ang katamtamang dami ng tugon at ang pagkakalat nito sa bawat indikasyon at pangkat. Ang bawat nakuhang antas ay inihambing sa nakatakdang pamantayan upang matukoy ang katumbas na berbal na paglalarawan. Batay sa naging pagsusuri, lumabas na minsan lamang naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga tahasang gawi sa pagbasa habang nag-aaral, tulad ng pagbuo ng hinuha at pagtukoy sa detalye. Gayunpaman, madalas na nakatutulong ang pamamaraan sa pagpapalawak ng kanilang bokabolaryo, pag-unawa sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at pagsusuri sa nilalaman at elemento ng parabula.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Bago pormal na sinimulan ang pangangalap ng datos at ang mismong pag-aaral, ang mananaliksik ay nagsumite muna ng *transmittal letter* sa tanggapan ng nanunungkulang Direktor ng Kampus upang humingi ng pahintulot at selyo ng pagpapatibay mula sa paaralan. Upang matiyak ang kalinawan ng proseso, ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan sa mga respondente upang itakda ang petsa at ipaliwanag ang sistema ng pamamahagi at pagkuha ng mga talatanungan. Una, itinuro ng mananaliksik ang tatlong parabulang pinamagatang *'Ang Manghahasik' (Mateo 13:1-9, 18-23)*, '*Ang Alibughang Anak' (Lucas 15:11-32),* at *'Ang Talento' (Mateo 25:14-30)* gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Pagkatapos, nagbigay ang mananaliksik sa mga mag-aaral ng pagsusulit kaugnay sa tinalakay na mga parabula upang matukoy ang paunang pagganap ng

mga respondente gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Matapos sagutan ng mga mag-aaral ang pagsusulit ay kinolekta ito ng mananaliksik.

Pangalawa, tinalakay ng mananaliksik ang mga parabula gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik sa pagtuturo. Sa bahaging ito, isinagawa ang pagtuturo sa pamamagitan ng pagmomodelo ng guro kung saan malakas niyang binibigkas ang kaniyang mga hinuha, pagtatanong, at pagbuo ng mga mental na imahen habang binabasa ang mga talinghaga ng parabula. Ang guro ang nagsisilbing gabay na nagpapakita ng aktwal na proseso ng pag-unawa sa mga simbolo at moral na mensaheng nakatago sa teksto. Ang mga mag-aaral naman ay nakinig at nagmasid sa ipinakitang paraan ng pag-iisip upang kalaunan ay mailapat din nila ito sa kanilang sariling pagbasa at pagsusuri. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay aktibong nakibahagi sa pagbuo ng malalim na interpretasyon at paghango ng mahahalagang kompetensi mula sa parabula. Pagkatapos, binigyan ang mga mag-aaral ng pagsusulit kaugnay sa itinalakay na mga parabula para sa panghuling pagganap ng mga respondente gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik sa pagtuturo. Pagkatapos masagutan ng mga mag-aaral ang pagsusulit ay kinolekta ito ng mananaliksik.

Pangatlo, sinuri at tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng aytem sa pagsusulit ay nasagutan ng mga mag-aaral. Kung may pagkakataon na may hindi nasagutan na aytem, ang mga respondente ay hiniling na sagutan itong muli. Pang-apat, kumonsulta ang mananaliksik sa istatistisyan upang masuri ang makabuluhang pagkakaiba ng pauna at panghuling pangganap ng mga respondente. Iniwasto ng mananaliksik ang mga sagot ng mga respondanteng mag-aaral at itinala ang mga nakuhang marka ng mga mag-aaral gamit ang *excel file*. Sinuri at binigyan ng interpretasyon ang mga nakuhang datos gamit ang statistical tool. Pagkatapos makuha ang makabuluhang pagkakaiba ng paunang pagganap at panghuling pagganap ng mga respondente ay sinuri ng mananaliksik ang persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Think-Aloud Protocol Teknik sa pagtuturo. Isinagawa ito gamit ang talahanayan ng mga indikasyon sa maunawang pagbasa na nakatutok sa pagpapahayag ng iniisip habang nagbabasa, pagbuo ng prediksyon o hinuha, at pagtukoy sa mahahalagang detalye sa akda. Ginamitan ang pamamahagi ng limang antas ng pagpipilian upang sukatin ang dalas ng kanilang karanasan—mula sa Lubos na sumasang-ayon, Sumasang-ayon, Hindi tiyak, Hindi sumasang-ayon, hanggang sa lubos na hindi sumasang-ayon. Nakuha naman ang mga resulta sa pamamagitan ng paglalapat ng pagsusuring estatistikal kung saan sinuri ang katamtamang dami ng tugon at ang pagkakalat nito sa bawat indikasyon at pangkat. Ang bawat nakuhang antas ay inihambing sa nakatakdang pamantayan upang matukoy ang katumbas na berbal na paglalarawan. Ang mga datos na nalikom ay magiging gabay sa pagbuo ng modyul sa paglinang ng pag-unawa sa parabula. Ang Think-Aloud Protocol ay nagsilbing gabay sa mga guro upang mas madaling masubaybayan ang takbo ng isip ng bawat mag-aaral, kaya naman nagiging mas tumpak at mabilis ang pagbibigay ng gabay sa mga bahaging nagdulot ng kalituhan.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilalahad sa kabanatang ito ang interpretasyon ng mga datos na nakalap upang matukoy ang Think-Aloud Protocol Teknik sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa mga piling parabula ng mga mag-aaral sa BEED-2-1 sa Cebu Technological University-Consolacion Campus, Nangka, Consolacion, Cebu sa taong panuruan 2026-2027. Ang mga nakalap na datos ay inihanay at sinuri ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga katanungan sa pag-aaral.

3.1 Paunang Pagganap gamit ang kumbensyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa

Sa bahaging ito, inilalahad ang antas ng paunang pagganap ng mga mag-aaral sa BEED-2-1 sa kasanayan sa pagbasa ng parabula bago ang pagpapatupad ng *Think-Aloud Protocol Teknik.* Isinagawa ang paunang pagtatasa gamit ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo upang mabatid ang batayang kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay nagsilbing pambungad na sukatan upang matukoy ang antas ng pagbabago at pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral matapos mailapat ang Think-Aloud Protocol Teknik sa proseso ng pagkatuto.

Talahanayan 1
Paunang Pagganap gamit ang kumbensyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa

Pamantayan	Mean	*SD*	Verbal Description
Pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda	79	9.43	Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery)
Pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari	88	10.60	Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (Closely Approximating Mastery)
Pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda	63	13.20	Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery)

Leyenda: 96-100= Lubusang Pagkatuto, 86-95=Malapit sa Tinatayang Pagkatuto, 66-85=Patungo sa Pagkatuto, 35-65=Katamtamang Pagkatuto, 15-34=Mababa ang Pagkatuto, 5-14=Lubhang Mababa ang Pagkatuto, 0-4=Talagang Walang Pagkatuto

Batay sa resulta sa Talahanayan 1 hinggil sa Paunang pagganap gamit ang kumbensyonal na paraan ng pagtuturo ng pagbasa, lumabas nito na nasa antas ng Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery), Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (Closely Approximating Mastery) at Katamtamang Pagkatuto (Average Mastery) ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tatlong pangunahing pamantayan. Ang mga berbal na deskripsyong ito ay nagsisilbing kwalitatibong interpretasyon upang mailarawan ang aktuwal na kognitibong kakayahan at antas ng pagkaunawa ng mga mag-aaral sa bawat tiyak na pamantayan ng pagbasa. Sa tatlong pamantayang sinuri, ang "pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari" ang nakakuha ng pinakamataas na antas na may mean na 88 at *Standard Deviation* (S.D.) na 10.60, na pumasok sa berbal na deskripsyong Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (*Closely Approximating Mastery*). Ang deskripsyong ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may mataas at halos ganap nang kakayahan sa batayan o literal na antas ng pag-unawa. Ipinapakita ng resultang ito na sa kumbensyonal na pamamaraan, madaling natutukoy at naaalala ng mga mag-aaral ang hayag na daloy ng kuwento sapagkat direktang nakalahad sa teksto ang mga impormasyon.

Samantala, ang pamantayang "pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda" ay nagtala ng mean na 79 (S.D. = 9.43) na may deskripsyong *Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery)*. Ipinapakahulugan ng deskripsyong ito na ang mga mag-aaral ay nasa proseso pa lamang ng paglinang ng kasanayan, kung saan nauunawaan nila ang karaniwan at ibabaw na kahulugan ng mga salita ngunit nangangailangan pa ng karagdagang gabay upang matukoy ang mga talinghaga at kontekstwal na kahulugan ng mga salita sa parabula. Nagpapatunay ito sa limitasyon ng tradisyonal na pagtuturo ng talasalitaan na nakatuon lamang sa literal na kahulugan. Sa kabilang banda, ang pamantayang "pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda" ang nagtala ng pinakamababang marka na may *mean* na 63 (S.D. = 13.20), na may berbal na deskripsyong Katamtamang Pagkatuto (*Average Mastery*). Ang deskripsyong ito ay nangangahulugang kalahati o katamtaman lamang ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-iisip (*Higher-Order Thinking Skills*). Ipinagpapakahulugan ng resultang ito, kasama ang mataas na *standard deviation*, na labis na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng sariling interpretasyon, pagtukoy sa nakatagong aral, at kritikal na pagsusuri ng parabula kapag walang ginagamit na tiyak na metakognitibong estratehiya.

Ipinapakahulugan ng mga datos na ito na bagama't sapat ang tradisyonal na paraan para sa literal na pag-unawa, salat ito sa pagpapalalim ng kritikal na kasanayan sa pagbasa. Ang natuklasang kapansanan sa pagsusuri ng nilalaman at kaisipan ang nagsisilbing matibay na batayan para sa pagpapatupad ng Think-Aloud Protocol Teknik. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, matutulungan ang mga mag-aaral na maihayag at masubaybayan ang kanilang sariling proseso ng pag-iisip habang nagbabasa, na siyang magiging susi upang maiangat ang kanilang kakayahan mula sa simpleng pag-alaala patungo sa malalim na pagsusuri ng parabula.

Ayon sa pag-aaral nina Duke et al. (2021) at Afflerbach (2016) ang resulta na ang mga mag-aaral ay karaniwang nakakakuha ng mataas na antas sa literal na pag-unawa (tulad ng pagkasunod-sunod ng kaganapan), subalit bumababa at nahihirapan kapag dumating na sa pagsusuri ng malalim na kaisipan o talinghaga. Dagdag pa rito, batay sa pag-aaral nina Oakhill, Cain, at Elbro (2015), ang mga mag-aaral ay karaniwang nakakakuha ng mataas na marka sa mga literal na kasanayan tulad ng pagkasunod-sunod ng pangyayari, subalit nahihirapan kapag

kailangan nang gumawa ng imbestigasyon at pagsusuri sa mas malalim na kahulugan ng teksto. Pinatutunayan nito na madaling natatamo ng mga mag-aaral ang literal na antas ng pagbasa tulad ng pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng pangyayari sapagkat hayag ang mga impormasyon sa teksto kahit sa kumbensyonal na pagtuturo. Subalit, kapansin-pansing bumababa ang kanilang marka sa pagsusuri ng kaisipan at elemento ng parabula dahil nangangailangan ito ng mas mataas na antas ng pag-iisip upang maunawaan ang mga nakatagong talinghaga. Ipinapakita ng resultang ito na hindi sapat ang tradisyonal na pamamaraan upang linangin ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Inilahad sa pananaliksik nina Ness (2018) na ang tradisyonal na pagtuturo ng talasalitaan ay kadalasang umaabot lamang sa ibabaw na kahulugan ng salita at nagkukulang sa pagpapakita kung paano ginagamit ang mga ito sa mas malalim na konteksto o talinghaga. Ipinapakita nito na ang nakuhang *mean* na 79 (*Moving Towards Mastery*) ng mga mag-aaral ay sanhi ng limitasyon ng tradisyunal na pagtuturo na nakatutok lamang sa literal o ibabaw na kahulugan ng salita. Dahil ang parabula ay naglalaman ng mga talinghaga, hindi naging sapat ang kumbensyonal na pamamaraan upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang kontekstwal at malalim na kahulugan ng mga salita. Ayon sa pananaliksik nina Singh et al. (2018) na ang kumbensyonal na pamamaraan ng pagtuturo ay madalas na nakatutok lamang sa literal na pag-unawa at nabibigong linangin ang kritikal na pagsusuri at interpretasyon ng mga mag-aaral sa binabasang akda. Samantala, natuklasan sa pag-aaral nina De la Peña at Luque-Rojas (2021) na karamihan sa mga mag-aaral ay nakararanas ng matinding pagsubok sa interpretatibo at kritikal na antas ng pagbasa (Higher-Order Thinking Skills o HOTS) kapag walang ginagamit na tiyak na estratehiyang metakognitibo. Pinatutunayan nito na ang kawalan ng tiyak na estratehiyang metakognitibo sa kumbensyonal na pagtuturo ang pangunahing dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral sa interpretatibo at kritikal na antas ng pagbasa (HOTS). Dahil ang parabula ay nakatago sa mga talinghaga, kailangan ng mga mag-aaral ng gabay sa kanilang proseso ng pag-iisip upang masuri ang malalim na kahulugan ng akda.

Pinatutunayan na ang kawalan ng angkop at interaktibong estratehiya sa pagbasa ng parabula ay nagdudulot ng mababang antas ng pag-unawa sa mga mag-aaral. Sumusuporta ang mga kaisipang ito sa kasalukuyang pananaliksik, kung saan ang mga mag-aaral sa BEED-2-1 ay nagtala ng antas na Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*), Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (*Closely Approximating Mastery*) at Katamtamang Pagkatuto (*Average Mastery*) sa pag-unawa bago ang pagpapatupad ng Think-Aloud Protocol Teknik—na nagpapatibay sa pangangailangan ng isang estratehiyang nakasentro sa mag-aaral upang maiangat ang kanilang pagkatuto. Batay sa naging resulta ng paunang pagganap ng apatnapu (40) mag-aaral, mahihinuha na ang kasalukuyang kasanayan ng mga respondents sa pagbasa ng parabula ay mananatiling nakatali sa literal at batayang antas lamang kung patuloy na gagamitin ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Lumalabas na bagama't may sapat nang kakayahan ang kabuoang 40 respondents sa pagtukoy ng direktang daloy ng kuwento (M = 88), nagkakaroon sila ng malaking hamon kapag kinailangan nang mag-analisa at tumawid sa *Higher-Order Thinking Skills* upang matukoy ang mga talinghaga at malalim na kaisipan ng akda (M = 63). Mahihinuha rin mula sa mataas na *standard deviation* (S.D. = 13.20) sa pagsusuri ng kaisipan na may malawak na agwat sa antas ng kritikal na pag-unawa sa pagitan ng 40 mag-aaral. Ang natuklasang ito ay malinaw na nagpapahiwatig na hindi sapat ang kumbensyonal na pagtuturo upang maipaunawa ang mga implikasyon ng parabula. Dahil dito, kinakailangan ang agarang pagpapatupad ng Think-Aloud Protocol Teknik bilang isang tiyak na metakognitibong interbensyon upang magsilbing gabay at tulay sa pagpapalalim ng kritikal na pagbasa ng buong klase.

Ipinahihiwatig ng mga datos na ang tradisyunal na pagtatalakay ay epektibo lamang sa ibabaw o literal na antas ng pag-unawa. Dahil nakatutok ang kumbensyonal na paraan sa direktang pagpapasa ng impormasyon at pasibong pagtanggap ng mga mag-aaral, nagagawa lamang nitong linangin ang mga batayang kasanayan tulad ng pagpapakasunod-sunod ng mga hayag na pangyayari sa kuwento. Malinaw na ipinapakita ng resulta na salat ang kumbensyonal na pagtuturo sa paglinang ng *Higher-Order Thinking Skills* at metakognisyon. Ang kapansin-pansing pagbaba ng marka sa pagsusuri ng kaisipan at mga elemento ng parabula ay nagpapatunay na ang tradisyunal na pamamaraan ay hindi nagbibigay ng sapat na estratehiya upang gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng sariling interpretasyon at pag-unawa sa mga nakatagong talinghaga. Sa ganitong sistema, hindi nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong masubaybayan at maihayag ang kanilang sariling proseso ng

pag-iisip habang nagbabasa. Sa ilalim ng tradisyonal na estruktura, ang mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang gabay sa pagsusuri ay madalas na naiiiwan kumpara sa mga mabilis umunawa.

Isinasaad din ang pagkakaiba ng mga *mean* sa bawat pamantayan ang agwat sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang malaking pagbaba ng 25 puntos mula sa pinakamataas patungo sa pinakamababang marka ay nagpapatunay na ang kasanayan ng mga respondente ay hindi pantay ang pag-unlad; madali nilang nauunawaan ang mga hayag na detalye ng parabula, ngunit labis silang nahihirapan kapag kinailangan nang tumawid sa mas mataas na antas ng kognitibong pagproseso. Bukod dito, ang natuklasang padron sa mga mean ay nagpapakita sa limitasyon ng kumbensyonal na pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na ang tradisyonal na pamamaraan ay nagiging epektibo lamang sa paglinang ng *Lower-Order Thinking Skills* o ang simpleng pag-alala at pagtukoy ng impormasyon, subalit salat ito sa pagbibigay ng mga estratehiyang kinakailangan upang maiangat ang marka ng mga mag-aaral sa *Higher-Order Thinking Skills.*

Sa pangkalahatan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan ang matinding pangangailangan sa mas epektibo at makabagong estratehiya upang mapaunlad ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga parabula. Ang resulta sa paunang pagganap ay nagpapatunay na mayroong matinding *cognitive gap* sa kasanayan ng mga mag-aaral, kung saan ang kanilang kakayahan ay nakatali lamang sa ibabaw o literal na antas ng pag-unawa, ngunit nagpapakita ng malaking kakulangan kapag kinailangan nang mag-isip nang kritikal at analitikal. Ang resultang ito ay nagsisilbing patunay na nababigo ang kumbensyonal o tradisyunal na pagtuturo sa paglinang ng *Higher-Order Thinking Skills* at metakognisyon sa pagbasa ng parabula. Bukod dito, ang mataas na *standard deviation* sa antas ng *HOTS* ay nagpapatunay sa malawak na agwat sa pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng gabay ay patuloy na naiiiwan sa ilalim ng pasibong talakayan. Sa ganitong konteksto, nagiging mahalaga ang paglalapat ng Think-Aloud Protocol Teknik sapagkat tahasang maipahahayag at masusubaybayan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling proseso ng pag-iisip habang nagbabasa, na magbibigay-daan upang maiuugnay nila ang bokabularyo sa konteksto at maiangat ang kanilang kasanayan mula sa simpleng literal na pag-unawa patungo sa mataas na antas ng kritikal at analitikal na pagsusuri sa parabula.

3.2 Panghuling Pagganap gamit ang think-aloud protocol teknik sa Pagbasa

Inilalahad sa bahaging ito ang Panghuling Pagganap ng mga mag-aaral sa BEED-2-1 sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa mga piling parabula matapos ilapat ang Think-Aloud Protocol Teknik bilang estratehiya sa pagtuturo. Isinagawa ang pagtatasa upang masukat ang antas ng kanilang pag-unawa batay sa mga itinakdang kompetensi, kabilang ang pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda, pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari at pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akdang parabula. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy ang antas ng pag-unawa sa pagganap ng mga mag-aaral matapos sumailalim sa mga gawaing nakatuon sa pagpapaliwanag, aktibong pakikilahok, at pagbibigay-kahulugan sa kanilang binasang akda.

Talahanayan 2
Panghuling Pagganap gamit ang think-aloud protocol teknik sa Pagbasa

Pamantayan	Mean	*SD*	Verbal Description
Pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda	84	11.50	Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery)
Pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari	92	8.11	Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (Closely Approximating Mastery)
Pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda	76	12.20	Patungo sa Pagkatuto (Moving Towards Mastery)

Leyenda: 96-100= Lubusang Pagkatuto, 86-95=Malapit sa Tinatayang Pagkatuto, 66-85=Patungo sa Pagkatuto, 35-65=Katamtamang Pagkatuto, 15-34=Mababa ang Pagkatuto, 5-14=Lubhang Mababa ang Pagkatuto, 0-4=Talagang Walang Pagkatuto

Inilalahad Talahanayan 2 ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng parabula gamit ang *Think-Aloud Protocol* Teknik na nasuri ayon sa tatlong pangunahing pamantayan. Ang resulta ay nagpapakita ng

mga datos sa positibong epekto ng naturang teknik sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa iba't ibang pamantayan Nakakuha ang mga mag-aaral ng marka mula Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*) hanggang Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (*Closely Approximating Mastery*). Ang mga berbal na deskripsyong ito ay nagbibigay ng kwalitatibong pagpapakahulugan sa kognitibong pag-unlad at aktuwal na kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat tiyak na pamantayan ng pagbasa matapos ang ginawang interbensyon.

Sa unang pamantayan na pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari ang pinakamataas na *mean score* na 92 na may *standard deviation* na 8.11, kung saan ito ay may deskripsyong Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (*Closely Approximating Mastery*). Ang deskripsyong ito ay nagpapahiwatig na matapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng mataas at halos ganap na kasanayan sa pag-unawa at pag-aayos ng lohikal na daloy ng kuwento. Ipinapakita rin ng mababang *standard deviation* (8.11) na naging pantay at magkakalapit (*homogeneous*) ang antas ng pagkatuto ng buong klase sa aspektong ito, dahil nakatulong ang verbalisasyon o pagpapasaboses ng iniisip upang masubaybayan nang maayos ng mga mag-aaral ang sariling pag-unawa sa mga pangyayari.

Samantala, ang pamantayang pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda ay nagtala ng *mean score* na 84 at *standard deviation* na 11.50, na pumasok sa deskripsyong Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*). Ipinapakahulugan ng deskripsyong ito na ang mga mag-aaral ay nakapagtala ng makabuluhang pag-unlad at pumasok na sa mas mataas na antas ng pagkatuto sa talasalitaan, kung saan nagagawa na nilang suriin at bigyang-kahulugan ang mga salitang ginamit sa parabula sa tulong ng aktibong pagpapahayag ng kanilang iniisip habang nagbabasa. Bagama't may bahagyang pagkakaiba-iba pa rin sa kakayahan ng mga mag-aaral batay sa naitalang S.D. na 11.50, malinaw na naiangat ng estratehiya ang kanilang pag-unawa sa bokabularyo kumpara sa paunang pagtatasa.

Sa kabilang banda, ang pamantayang pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda ang nakakuha ng pinakamababang *mean score* na 76 na may *standard deviation* na 12.20, bagama't mananatili pa rin ito sa deskripsyong Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*). Ang deskripsyong ito ay nangangahulugang umangat na ang kakayahan ng mga mag-aaral mula sa dating katamtamang pagkatuto patungo sa mas malalim na pag-unawa sa *Higher-Order Thinking Skills* . Ipinagpapakahulugan ng resultang ito na bagama't may malaking pag-unlad sa kanilang kakayahang magsuri ng talinghaga, nakatagong aral, at elemento ng parabula, ang mas komplikadong antas ng kritikal na pagsusuri ay nangangailangan pa rin ng patuloy na gabay at pagsasanay para sa ilang mag-aaral na naitala sa mataas na *standard deviation* (12.20).

Mapapansin sa resulta ng *Standard Deviation* (SD) na ang kasanayan sa pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari ang nakakuha ng pinakamababang SD (8.11), na nagpapahiwatig na mas pantay at magkakalapit ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa daloy ng kwento gamit ang *Think-Aloud Protocol.* Sa kabilang banda, ang pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda ang nagtala ng pinakamataas na SD (12.20), na sinusundan ng pagkilala sa bokabularyo (11.50). Ang mas matataas na SD na ito ay nagpapakita ng mas malaking pagkakaiba-iba sa kakayahan ng mga mag-aaral, na nangangahulugang bagama't may ilang mabilis na nakasuri sa malalalim na kaisipan at bokabularyo ng parabula, may ilan pa ring nahirapan at nangangailangan ng karagdagang patnubay.

Ang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng parabula gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik ay nagpakita ng pangkalahatang positibong epekto sa pagpapaunlad ng kanilang pag-unawa sa pagbasa. Ang kasanayan sa pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari ang nakakuha ng pinakamataas na *mean score* na 92 (*Closely Approximating Mastery)* at pinakamababang *standard deviation* (SD) na 8.11, na nagpapahiwatig na lubos na epektibo ang *Think-Aloud Protocol* sa pagtulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang daloy ng kuwento sa isang pantay at magkakalapit (*homogeneous*) na antas ng pagkatuto. Sinusundan ito ng pagkilala sa bokabularyong ginamit na may *mean score* na 84 (*Moving Towards Mastery*) at SD na 11.50, habang ang pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda naman ang nakakuha ng pinakamababang *mean score* na 76 (*Moving Towards Mastery*) at pinakamataas na SD na 12.20. Ang mas matataas na SD sa bokabularyo

at pagsusuri ng kaisipan ay nagpapakita ng mas malaking pagkakaiba-iba (*heterogeneity*) sa kakayahan ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na bagama't nakatulong ang verbalisasyon sa pagkatuto, ang mas malalim at matalinghagang pagsusuri ng parabula ay nangangailangan pa rin ng karagdagang gabay at patnubay para sa ilang mag-aaral.

Ang pagpapatupad ng mga mabisang estratehiya sa pagtuturo ay may malaking tulong upang maitaguyod ang aktibong partisipasyon at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin (Hawtrey & Bhati, 2019). Binanggit nina Osterhaus et al. (2020) na ang metakognitibong pagsasanay tulad ng think-aloud protocol ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maipahayag nang pasalita ang kanilang proseso ng pag-iisip, na malaking tulong upang maunawaan ang lohikal na pagkasunod-sunod at malalalim na kaisipan sa mga kwento. Sa pamamagitan ng pagsasalita habang nag-iisip, mas madali nilang nasusubaybayan ang sariling pag-unawa, na tumutulong upang mapag-ugnay-ugnay ang lohikal na daloy ng mga pangyayari sa kwento. Bukod dito, ang aktibong pagpapahayag ng kaisipan ay nagbibigay-daan din upang mas suriin at maunawaan ng mga mag-aaral ang mas malalalim at nakatagong kahulugan sa tekstong kanilang binabasa.

Ipinakita sa pag-aaral nina Al-Samiri at Al-Zahrani (2021) na ang think-aloud protocol ay may malaking ambag sa pagpapalawak ng kognitibong kamalayan ng mga mag-aaral, na nakatutulong upang mas maging kritikal sila sa pagsusuri ng mga elemento at talinghaga ng tekstong binabasa. Dagdag pa rito, ayon sa pag-aaral nina Lestari at Nurhaida (2022), napatunayan na ang think-aloud strategy ay matagumpay na nagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, partikular sa pagkuha ng pangunahing kaisipan, paggawa ng hinuha, at pagpapakahulugan sa mga bokabularyo. Binibigyang-diin dito na sa pamamagitan ng estratehiyang ito, mas madaling natutukoy ng mga mag-aaral ang pangunahing kaisipan at nakabubuo sila ng lohikal na hinuha mula sa teksto. Bukod dito, nakatutulong din ito sa pagpapalawak ng bokabularyo sapagkat nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ipahayag at suriin ang kahulugan ng mga salita habang nagbabasa.

Lumalabas sa pag-aaral na malaki ang ambag ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ng parabula. Pinatutunayan ng mga kaugnay na literatura na ang pagpapahayag ng sariling kaisipan, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng kamalayan sa kanilang sariling pagkatuto na nagbibigay-daan upang agad nilang masubaybayan at maitama ang kanilang pag-unawa sa tuwing nahaharap sa mga talinghaga o komplikadong bahagi ng teksto. Ang kinalabasang ito ay nakalinya sa kasalukuyang pananaliksik, kung saan naitala ang pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral na ipaliwanag ang kanilang saloobin ukol sa parabulang binasa matapos ilapat ang *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagtuturo.

Batay sa resulta ng panghuling pagtatasa, lumabas na nagkaroon ng malaking pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng parabula matapos ilapat ang *Think-Aloud Protocol* Teknik. Makikita ang malinaw na pag-unlad ng kanilang mga marka sa pamamagitan ng matataas na *mean score* sa iba't ibang kasanayan: naitala ang pinakamataas na pagganap sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari na may *mean* na 92 (SD: 8.11), nasundan ng pagpapakahulugan sa bokabularyo na may *mean* na 84 (SD: 11.50), at ang pagsusuri ng kaisipan, elemento, at talinghaga na may *mean* na 76 (SD: 12.20). Ang mga markang ito ay nagpapatunay sa positibo at mabisang epekto ng *Think-Aloud Protocol* Teknik bilang isang metakognitibong estratehiya sa pagpapalalim ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-unawa sa nilalaman ng parabula.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay epektibong nakatulong sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa binasang parabula. Sa halip na maging pasibong tagatanggap lamang ng impormasyon, nabigyan sila ng pagkakataong maisa-boses ang kanilang proseso ng pag-iisip, subaybayan ang sariling pag-unawa, at aktibong suriin ang mga talinghaga at nilalaman ng akda. Dahil dito, naging mas makabuluhan ang kanilang karanasan sa pagbasa, na nagbunga ng mataas at makabuluhang pag-unlad sa kanilang pagganap sa bawat kasanayang sinusukat, tulad ng pagkasunod-sunod ng pangyayari, pagpapakahulugan sa bokabularyo, at pagsusuri ng kaisipan.

Makikita rin sa resulta na ang pinakamataas na *mean* ay naitala sa kompetensiyang “Pagkasunod-sunod ng mga Pangyayari” na may markang 92 (SD: 8.11). Ipinahihiwatig nito na naging mabisa ang *Think-Aloud Protocol*

Teknik sa pagpapalinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa ng parabula ng mga mag-aaral. Ang kakayahang maiayos nang lohikal ang daloy ng kwento ay nangangailangan ng aktibong pagsubaybay sa sariling pag-unawa at pagpoproseso ng impormasyon habang nagbabasa, kaya ang mataas na marka at mababang *standard deviation* sa aspektong ito ay nagpapakita na ang metakognitibong estratehiya ay nakatulong sa paglinang ng kanilang organisadong kritikal na pag-iisip at pantay na pagkatuto sa klase.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay may malaki at positibong epekto sa pag-unawa sa pagbasa ng parabula ng mga mag-aaral. Bagama't patungo pa lamang sa ganap na pagpapakdalubhasa (*moving towards mastery*) ang ilan sa mas malalalim na kasanayan tulad ng pagsusuri ng kaisipan at talinghaga, malinaw na nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang pangkalahatang kakayahan matapos gamitin ang estratehiya. Dahil dito, maaaring isaalang-alang ng mga guro ang mas malawak at mas madalas na paggamit ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagtuturo upang higit pang mapaunlad ang metakognitibong kasanayan at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikan.

3.3 Pagkakaiba sa Pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pauna at panghuling pagganap

Inilalahad sa bahaging ito ang pagsusuri sa pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng parabula bago at pagkatapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik. Layunin nitong matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa kanilang kakayahan batay sa mga itinakdang pamantayan tulad ng pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda, pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari, at pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda.

Talahanayan 3
Pagkakaiba sa Pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pauna at panghuling pagganap

Pamantayan	*df*	Mean Difference	*t-value*	*p-value*	Decision	Interpretation
Pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda	39	5.10	2.33	0.025	Reject H_0	Significant
Pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari	39	4.30	2.49	0.017	Reject H_0	Significant
Pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda	39	13.07	5.87	<.001	Reject H_0	Significant

Batay sa resulta sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa ng parabula bago at pagkatapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik. Ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang *t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap batay sa tatlong pamantayang sinusukat. Batay sa resulta, ang lahat ng pamantayan ay nagtala ng *p-value* na mas mababa sa 0.05, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng implementasyon ng *Think-Aloud Protocol* Teknik. Dahil dito, ang *null hypothesis* na walang makabuluhang pagkakaiba (H0) ay tinanggihan sa lahat ng pamantayan (*Reject* H0). Sa pamantayang "Pagkilala sa bokabularyong ginamit sa binasang akda," nakapagtala ito ng *t-value* na 2.33, *degrees of freedom* (*df*) na 39, at *mean difference* na 5.10. Ang *p-value* na 0.025 ay nagpapakita na ang pagtaas ng marka ng mga mag-aaral mula sa paunang pagtatasa hanggang sa panghuling pagtatasa ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi isang makabuluhang pagbabago. Ipinahihiwatig nito na naging epektibo ang *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral na tumukoy at magbigay-kahulugan sa mga salita sa binasang parabula.

Sa ikalawang pamantayan na "Pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari," naitala ang *t-value* na 2.49, *df* na 39, *mean difference* na 4.30, at *p-value* na 0.017. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay naging mabisa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral na maayos nang lohikal ang daloy ng kwento. Ipinakikita nito na ang metakognitibong paggabay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng

kaisipan ay nakatulong sa mga mag-aaral upang masubaybayan nang maayos ang estraktura at pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari sa akda. Samantala, sa pamantayang "Pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda," naitala ang pinakamataas na *t-value* na 5.87, *df* na 39, at ang pinakamataas na *mean difference* na 13.07. Ito rin ang may pinakamataas na antas ng pagbabago sa tatlong pamantayang sinukat. Ang *p-value* na mas mababa sa 0.001 (<0.001) ay nagpapakita ng napakamakabuluhang pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig ng resulta na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay higit na nakatulong upang ang mga mag-aaral ay hindi lamang mag-alala ng simpleng impormasyon, kundi malalim na maunawaan ang mga nakatagong talinghaga, kaisipan, at elemento ng parabula.

Kapansin-pansin na ang lahat ng *t-value* na nakuha ay may sapat na taas at ang mga *p-value* ay mababa sa 0.05, na nagpapatunay na ang pagtaas ng marka ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay may matibay na batayang estadistikal upang maituring na tunay at makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Malinaw na ipinakikita ng resulta na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik. Ang pagtanggi sa lahat ng *null hypothesis* (H0) at ang pagkakaroon ng estadistikal na makabuluhang resulta sa lahat ng pamantayan ay nagpapatunay na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay naging mabisa sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkilala sa bokabularyo, pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari, at pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda. Samakatuwid, maaaring ituring ang *Think-Aloud Protocol* Teknik bilang isang epektibong metakognitibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa na nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa parabula.

Ayon kina Pratiwi at Noorani (2022), nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad (*statistically significant difference*) sa kakayahan ng mga mag-aaral na kilalanin at maunawaan ang kontekstwal na kahulugan ng mga salita mula pauna patungong panghuling pagtatasa matapos ilapat ang pamamaraang think-aloud. Ipinahihiwatig sa resulta ng talahanayan 3 na ang naitalang estadistikal na pagbabago sa marka ng mga mag-aaral mula sa pauna patungong panghuling pagtatasa ay hindi nagkataon lamang, kundi bunga ng mabisang pag-agapay ng *Think-Aloud Protocol* Teknik. Sa pamamagitan ng pagpapasalita sa kanilang proseso ng pag-iisip habang nagbabasa, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na matukoy at maunawaan ang kontekstwal na kahulugan ng mga di-pamilyar na salita at talinghaga sa parabula. Inihayag sa pag-aaral nina Chin at Ghani (2021) na ang paggamit ng think-aloud bilang estratehiya sa pagbasa ay tumutulong sa mga mag-aaral na masubaybayan ang istraktura ng teksto, na nagpapadali sa pagbuo ng lohikal na pagkasunod-sunod ng mga pangyayari at daloy ng kwento. Ipinahihiwatig sa resulta ng talahanayan 3 na ang makabuluhang pag-unlad ng marka ng mga mag-aaral sa panghuling pagtatasa ay nagmula sa aktibong pagsubaybay sa sariling pag-unawa habang nagbabasa ng parabula. Sa pamamagitan ng *Think-Aloud Protocol* Teknik, naisasa-boses ng mga mag-aaral ang kanilang panloob na kaisipan, na nagiging daan upang mas madali nilang maunawaan ang estraktura ng teksto at mailahad nang may lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga mahahalagang kaganapan sa akda.

Binigyang-diin naman sa pag-aaral ni Burhansyah (2022) na ang *think-aloud strategy* ay may kapansin-pansing epekto (*significant effect*) sa mas mataas na antas ng pag-unawa, gaya ng pagbuo ng hinuha at pagsusuri sa pangunahing kaisipan at tema ng akda. Ipinahihiwatig sa resulta ng talahanayan 3 na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay may matibay at malaking epekto sa pag-akay sa mga mag-aaral mula sa simpleng pag-alala ng impormasyon patungo sa mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng verbalisasyon ng kanilang mga saloobin, mas nakakayanan ng mga mag-aaral na suriin ang mga nakatagong talinghaga, bumuo ng tamang hinuha, at malalim na maunawaan ang pangunahing kaisipan at tema ng parabulang binasa.

Sa kabuoan, nagpapatunay na ang paggamit ng mga interbensiyon at makabagong estratehiya sa pagtuturo ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita ng kanilang mga natuklasan na ang mga gawaing nagbibigay-diin sa aktibong pakikilahok, kritikal na pag-iisip, at personal na pagproseso ng impormasyon ay nakapagpapataas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga resultang ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa parabula bago at pagkatapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik, gaya ng

pinatutunayan ng mataas na *t-values*, malaking *mean differences*, at mga *p-value* na mas mababa sa 0.05 at <0.001 sa lahat ng pamantayan sa Talahanayan 3.

3.4 Persepsyon ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng think-aloud protocol teknik sa pagtuturo ng pag-unawa ng parabula

Inilalahad sa bahaging ito ang Maunawang Pagbasa at Pag-uugnay at Retensyon bilang dalawang pangunahing dimensyon sa pagtataya ng persepsyon ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagtuturo ng pag-unawa sa mga piling parabula. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, sinusuri kung paano nakatutulong ang pagpapatatag ng pag-unawa habang nagbabasa at ang pagpapanatili ng natutunang kaalaman sa aktibong pag-uugnay ng mga kaisipan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga nakalap na datos sa Talahanayan 4, natutukoy ng guro kung paano nakatutulong ang Think-Aloud Protocol Teknik hindi lamang sa aktwal na pagbasa kundi pati na rin sa pangmatagalang pag-alala at pag-unawa sa nilalaman ng parabula. Ang mga datos na ito ay magsisilbing batayan sa pagtataya ng pangkalahatang epektibo at katanggap-tanggap na paggamit ng nasabing teknik sa pagtuturo ng panitikan.

Talahanayan 4
Persepsyon ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng think-aloud protocol teknik sa pagtuturo ng pag-unawa ng parabula

Mga Panukat ng Persepsiyon	Mean	*SD*	Berbal na Deskripsiyon
a. Gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik nagagawa kong ipahayag nang malakas ang aking iniisip habang nagbabasa ng parabula upang mas maintindihan ang daloy nito.	3.45	0.85	Sumasang-ayon
b. Nakatutulong ang pagbabanggit ng aking mga prediksiyon o hinuha habang nagbabasa para masundan ang mga pangyayari.	3.13	1.22	Hindi tiyak
c. Mas madali kong natutukoy ang mahahalagang detalye sa parabula dahil aktibo kong sinusuri ang teksto habang nagbabasa.	3.08	0.94	Hindi tiyak
Overall Mean	3.22	1.00	Hindi tiyak
a. Nagagawa kong makilala ang mga bokabularyo na ginamit sa binasang akda gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik.	4.00	1.09	Sumasang-ayon
b. Natutukoy ko ang pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari sa parabula gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik.	3.70	0.97	Sumasang-ayon
c. Mahusay kong nasusuri ang nilalaman ng kaisipan at elemento ng akda gamit ang Think-Aloud Protocol Teknik.	3.75	1.03	Sumasang-ayon
Overall Mean	3.82	1.03	Sumasang-ayon

Leyenda: 4.21 - 5.00=Lubos na sumasang-ayon, 3.41 - 4.20=Sumasang-ayon, 2.61 - 3.40=Hindi tiyak, 1.81 - 2.60=Hindi Sumasang-ayon, 1.00 - 1.80=Lubos na hindi sumasang-ayon

Inilalahad sa Talahanayan 4 ang persepsiyon ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagtuturo ng pag-unawa sa parabula. Binubuo ito ng dalawang pangunahing kategorya batay sa mismong talahanayan: Maunawang Pagbasa at Pag-uugnay at Retensiyon. Inilalarawan sa kategoryang ito ang persepsiyon ng mga mag-aaral sa Maunawang Pagbasa na nakakuha ng *Overall Mean* na 3.22 (S.D. = 1.00) na may *verbal description* na “Hindi tiyak”. Ang resultang ito ay nagpapakita na bagama't nakikita ng mga mag-aaral ang pakinabang ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa kanilang pag-unawa, nasa proseso pa sila ng pagpapatibay upang maging mas tuloy-tuloy at likas ang paggamit ng estratehiya habang nagbabasa.

Sa unang indikasyon, “Gamit ang *Think-Aloud Protocol* Teknik nagagawa kong ipahayag nang malakas ang aking iniisip habang nagbabasa ng parabula upang mas maintindihan ang daloy nito,” nakapagtala ito ng pinakamataas na *Mean* na 3.45 (S.D. = 0.85) na may interpretasyong “Sumasang-ayon”. Ipinakikita ng markang ito na hayag at aktibong naisakatuparan ng mga mag-aaral ang pangunahing mekanismo ng *Think-Aloud Protocol*

Teknik sa pamamagitan ng pagpapasalita ng kanilang *internal* na proseso ng pag-iisip upang masubaybayan ang daloy ng kwento. Sa ikalawang indikasyon, "Nakatutulong ang pagbabanggit ng aking mga prediksyon o hinuha habang nagbabasa para masundan ang mga pangyayari," nakakuha ito ng *Mean* na 3.13 (S.D. = 1.22) na may interpretasyong "Hindi tiyak". Nagpapakita ito na bagama't nakatutulong ang pagbuo ng hinuha bilang metakognitibong gabay, hindi pa ito ganap na nai-aapply ng mga mag-aaral sa lahat ng pagkakataon habang nagbabasa, kung kaya't kinakailangan pa ang mas intensibong paggabay mula sa guro.

Sa ikatlong indikasyon, "Mas madali kong natutukoy ang mahahalagang detalye sa parabula dahil aktibo kong sinusuri ang teksto habang nagbabasa," naitala ang *Mean* na 3.08 (S.D. = 0.94) na may *verbal description* na "Hindi tiyak". Nagpapahiwatig ang resultang ito na nasa proseso pa lamang ang mga mag-aaral sa pagbuo ng konsistensya sa mabilis na paghimay sa mga tiyak na detalye ng akda, kung kaya't nangangailangan pa ito ng paulit-ulit na pagsasanay sa klase. Ipinakikita sa ikalawang kategorya ang persepsiyon ng mga mag-aaral sa Pag-uugnay at Retensiyon na nakapagtala ng mas mataas na *Overall Mean* na 3.82 (S.D. = 1.03) na may *verbal description* na "Sumasang-ayon". Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay lubos na epektibo sa pagtulong sa mga mag-aaral na maiugnay, maiproseso, at maitago sa kanilang memorya ang mga pangunahing aral at elemento ng parabula.

Sa unang indikasyon, "Nagagawa kong makilala ang mga bokabularyo na ginamit sa binasang akda gamit *Think-Aloud Protocol* Teknik," nakapagtala ito ng pinakamataas na Mean sa kategoryang ito na 4.00 (S.D. = 1.09) na may interpretasyong "Sumasang-ayon". Ipinakikita nito na ang pagsasalita habang nagbabasa ay nakatutulong nang malaki upang mas mabilis at mas matalas na matukoy ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa parabula. Sa ikalawang indikasyon, "Natutukoy ko ang pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari sa parabula gamit ang *Think-Aloud Protocol* Teknik," naitala ang *Mean* na 3.70 (S.D. = 0.97) na may *verbal description* na "Sumasang-ayon". Nagpapatunay ito na ang verbalisasyon ay nagbibigay ng malinaw na gabay sa mga mag-aaral upang masundan at maayos nang lohikal ang kronolohikal na daloy ng mga kaganapan sa kwento. Sa ikatlong indikasyon, "Mahusay kong nasusuri ang nilalaman ng kaisipan at elemento ng akda gamit ang *Think-Aloud Protocol* Teknik," nakakuha ito ng *Mean* na 3.75 (S.D. = 1.03) na may interpretasyong "Sumasang-ayon". Ipinahihiwatig ng resultang ito na malaki ang tulong ng estratehiya sa pagpapaunlad ng mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip, kung saan nagiging mas *capable* ang mga mag-aaral sa paghihimay ng mensahe at tauhan sa parabula.

Ipinakikita ng mga datos sa Talahanayan 4 na bagama't nasa antas na "Hindi tiyak" (*Overall Mean*: 3.22) ang kategorya ng Maunawang Pagbasa, umabot naman sa antas na "Sumasang-ayon" (*Overall Mean*: 3.82) ang kategorya ng Pag-uugnay at Retensiyon. Nagpapatunay ito na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay nakikitang epektibo ng mga mag-aaral sa pagpapataas ng kanilang kakayahang kumilala ng bokabularyo, mag-ayos ng pagkasunod-sunod ng pangyayari, at magsuri ng kaisipan ng parabula, habang kinakailangan pa ang tuloy-tuloy na pagsasanay upang mas maging awtomatiko ang kanilang paghihinuha at pagtukoy sa maliliit na detalye habang nagbabasa. Ayon kay Davey (2019), ang metakognitibong estratehiya ng think-aloud ay nagpapadali sa mga mag-aaral na matukoy ang bokabularyo, kronolohikal na pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan, at paghihimay sa mga elemento ng kwento na nagdudulot ng mas matibay na retensiyon sa memorya. Pinagtibay ng Facing History and Ourselves (2021) na ang paglalapat ng *Think-Aloud Protocol* ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa na maiugnay ang kanilang sariling karanasan sa nilalaman ng akda at masubaybayan nang maayos ang daloy ng kwento. Ipinapahiwatig sa resulta ng talahanayan 4 na ang estratehiyang *Think-Aloud Protocol* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maiugnay ang nilalaman ng akda sa sarili nilang mga karanasan habang sinusubaybayan ang daloy ng kwento. Direktang pinagtitibay nito ang mataas na marka ng Pag-uugnay at Retensiyon sa Talahanayan 4 partikular sa kakayahan ng mga mag-aaral na suriin ang kaisipan ng parabula at matukoy ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Ipinapakita nito na ang pagpapasalita sa proseso ng pag-iisip ay mabisang paraan upang maging mas malalim ang pag-unawa at retensiyon ng mga mag-aaral sa binasang teksto.

Sa pag-aaral ni Al-Qahtani (2020), napatunayan na ang pagpapasalita ng mga iniisip (*think-aloud*) habang nagbabasa ay nakatutulong sa mga mag-aaral na subaybayan ang sariling pag-unawa at bumuo ng mga hinuha sa

teksto. Binigyang-diin sa pag-aaral na kinakailangan ang tuloy-tuloy na pagsasanay upang maging awtomatiko ang metakognitibong kasanayang ito sa pagbasa. Ipinapahiwatig sa resulta ng talahanayan 4 na bagama't nakatutulong ang *Think-Aloud,* kinakailangan pa ang paulit-ulit na pagsasanay upang maging awtomatiko ito sa mga mag-aaral. Ipinakikita nito na ang patuloy na paggabay at pagsasanay ay mahalaga upang mapataas ang konsistensya ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang parabula. Batay sa mga natuklasan sa Talahanayan 4, mahihinuha na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay lubos na epektibo sa pagpapalalim ng retensiyon at pag-uugnay ng mga mag-aaral sa parabula, partikular sa pagsusuri ng kaisipan ng akda at pagsubaybay sa lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Gayunpaman, ang nakuhang antas sa Maunawang Pagbasa ay nagpapakitang hindi pa ganap na awtomatiko ang metakognitibong kasanayan ng mga mag-aaral, kaya't nangangailangan pa ito ng paulit-ulit na pagsasanay at patuloy na paggabay mula sa guro. Sa pangkalahatan, ang pagpapasalita sa sariling proseso ng pag-iisip habang nagbabasa ay isang mabisang estratehiya upang gawing mas personal, makabuluhan, at organisado ang pag-unawa at pagpapanatili ng mga aral ng parabula sa memorya ng mga mag-aaral.

4. Kongklusyon

Batay sa pagsusuri, pag-aanalisa, at interpretasyon ng mga nakalap na datos natuklasan sa paunang pagganap nagpapakita na ang mag-aaral mula sa Seksyon Amores ay nagtataglay na ng pundasyong kaalaman sa komprehensyon sa pagbasa, subalit ang kanilang kakayahan ay nananatili sa mababang antas lamang sa ilalim ng tradisyunal na purong lektyur. Ang resulta sa paunang pagganap ay nagpapatunay na ang tradisyunal na pagtuturo ay naglilimita sa aktibong pakikilahok at hindi sapat upang paangatin ang mapanuring pag-unawa ng mga mag-aaral. Bunga nito, mayroong agarang pangangailangan sa pagbabago o inobasyon sa mga estratehiya sa pagbasa, tulad ng interactive o active learning, upang matugunan ang kakulangang ito at mahila ang pagganap ng klase patungo sa mas mataas na antas.

Batay sa masusing pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos ng pag-aaral ukol sa epekto ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng parabula ng mga mag-aaral sa BEEd 2-1 ng Cebu Technological University-Consolacion Campus, natuklasang limitado at nakatali lamang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ibabaw o literal na antas ng pag-unawa sa paunang pagtatasa gamit ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo. Sa tatlong pamantayang sinusuri, naitala ang pinakamataas na pagganap sa pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari na pumasok sa antas ng Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (*Closely Approximating Mastery*), na sinundan ng pagkilala sa bokabularyong ginamit sa antas ng Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*). Samantala, ang pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda ang nagtala ng pinakamababang pagganap sa antas ng Katamtamang Pagkatuto (*Average Mastery*), na nagpapatunay na nahihirapan ang mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-iisip kapag kumbensyonal na pamamaraan lamang ang ginagamit.

Matapos ilapat ang *Think-Aloud Protocol* Teknik, nagkaroon ng kapansin-pansing pag-unlad at pag-angat sa pagganap ng mga mag-aaral sa lahat ng pamantayan. Napanatili at lalo pang tumaas ang kasanayan sa pagtukoy sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa antas ng Malapit sa Tinatayang Pagkatuto (*Closely Approximating Mastery*), gayundin ang pagkilala sa bokabularyo na nanatili sa antas ng Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*). Bukod dito, ang pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda ay makabuluhang umakyat na rin tungo sa antas ng Patungo sa Pagkatuto (*Moving Towards Mastery*), na nagpapatunay na naging mabisa ang metakognitibong verbalisasyon upang gabayan ang kognitibong proseso ng mga mag-aaral sa mas malalim na pag-unawa sa parabula. Lumalabas din sa pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Think-Aloud Protocol* Teknik, kung saan ang pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan at mga elemento ng akda ang nagpakita ng pinakamalaking antas ng pag-unlad at pagbabago. Dahil sa mga resultang ito, tinanggihan ang *null hypothesis* (Ho), na nagpapatunay na ang *Think-Aloud Protocol* Teknik ay isang epektibong pamamaraan sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng parabula.

Tungkol naman sa persepsiyon ng mga mag-aaral, sa kategorya ng Maunawang Pagbasa ay lumalabas na

minsan lamang naisasagawa ang kabuuang metakognitibong proseso, ngunit madalas nilang naipapahayag nang malakas ang kanilang iniisip habang nagbabasa. Sa kabilang banda, ang kategorya ng Pag-uugnay at Retensiyon ay nagtala ng mas mataas na antas kung saan ito ay madalas na nararanasan ng mga mag-aaral, partikular sa pagkilala ng bokabularyo gamit ang *Think-Aloud Protocol* Teknik. Ipinakikita nito na bagama't kailangan pa ng tuloy-tuloy na pagsasanay upang maging awtomatiko ang metakognitibong paghihinuha habang nagbabasa, nakikita ng mga mag-aaral na lubos na epektibo ang estratehiya sa pagpapataas ng kanilang retensiyon at pag-uugnay sa mga kaisipan ng parabula.

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, napag-alaman na ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay nakapagpapanatili lamang ng literal na pag-unawa at hindi sapat upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang paglalapat ng *Think-Aloud Protocol* Teknik ay napatunayang isang epektibo at angkop na metakognitibong estratehiya na nakapagpabago at nakapagpataas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng parabula. Ipinakikita ng pag-aaral na may makabuluhang epekto ang pagpapasalita sa sariling kaisipan habang nagbabasa upang magabayang mabuti ang kognitibong proseso sa pag-unawa sa mga nakatagong talinghaga, elemento, at lalim ng akda. Bukod dito, positibo ang persepsiyon ng mga mag-aaral sa *Think-Aloud Protocol* Teknik sapagkat nakikita nila itong susi sa pagpapataas ng kanilang retensiyon at pag-uugnay sa mga aral ng parabula, bagama't kinakailangan pa ang patuloy na pagsasanay upang maging awtomatiko ang kanilang metakognitibong paghihinuha habang nagbabasa.

Hango sa mga napatunayang natuklasan at nabuong konklusyon ng pag-aaral ukol sa epekto ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagppaulad ng pag-unawa sa pagbasa ng parabula, inirerekomenda ang mga sumusunod:

- Paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri sa nilalaman ng kaisipan, talinghaga, at mga elemento ng parabula sa pamamagitan ng paggamit ng mga angkop at metakognitibong estratehiya sa pagtuturo. Layunin nitong maiangat ang kasanayan ng mga mag-aaral mula sa simpleng literal na pag-unawa patungo sa mas malalim na kritikal at analitikal na pagbasa.

- Palawakin ang paggamit ng *Think-Aloud Protocol* Teknik sa pagtuturo ng pagbasa ng parabula at iba pang akdang pampanitikan, sapagkat napatunayang epektibo ito sa pagpapataas ng pagganap, retensiyon, at pag-uugnay ng mga mag-aaral sa aralin.

- Pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pagbasa ukol sa pagpapasalita ng sariling proseso ng pag-iisip upang maging mas awtomatiko at likas sa mga mag-aaral ang pagbuo ng prediksyon, hinuha, at pagsubaybay sa sariling pag-unawa.

- Ipakilala ang estratehiyang *think-aloud protocol* sa mga *seminar*, *Faculty Development Programs*, o *Learning Action Cell* (LAC) sessions ng mga guro sa Filipino upang maibahagi ang mabisang paggamit nito sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa sa iba't ibang antas.

- Pagnilayan at gamitin ang binuong modyul na nakabatay sa *Think-Aloud Protocol* Teknik upang magsilbing praktikal na gabay ng mga guro sa sistematikong pagtuturo ng parabula.

AI Use Disclosure **-** Sa paghahanda at pagbuo ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng Gemini bilang pantulong na kasangkapan (assistive tool) sa pag-oorganisa ng paunang balangkas, pagpapakinis ng gramatika at daloy ng mga pangungusap, pati na rin sa pagsasalin at paglilinaw ng ilang komplikado at teknikal na termino upang mas maging malinaw ang presentasyon ng pag-aaral. Tinitiyak ng mananaliksik na walang anumang kumpidensyal, personal, o sensitibong datos ang ibinahagi o inilagay sa AI system. Ang mananaliksik ang napananatiling may ganap at buong pananagutan sa katumpakan, integridad, at orihinalidad ng kabuuang nilalaman ng dokumentong ito.

5. Mga Sanggunian

Afflerbach, P. (2016). Reading assessment: Looking ahead. The Reading Teacher, 69(4), 413–419. https://doi.org/10.1002/trtr.1430

Al-Qahtani, A. A. (2020). Investigating metacognitive think-aloud strategy in improving Saudi EFL learners'

reading comprehension and attitudes. *English Language Teaching*, 13(9), 50–62. https://eric.ed.gov/?id=EJ1266420

Al-Samiri, R. A., & Al-Zahrani, M. S. (2021). The effectiveness of using the think-aloud strategy in developing reading comprehension skills. *Journal of Educational and Psychological Sciences*, 5(12), 45–62.

Botor, R. D. (2025). Enhancing the level of reading comprehension in Filipino through selected strategies [Pagpapataas ng antas ng maunawaing pagbasa sa Filipino sa tulong ng mga piling estratehiya]**.** *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences), 4*(3), 41944209.

Burhansyah, B. (2022). The effect of the think aloud strategy on students' reading comprehension proficiency. *English Education Journal*, 13(4), 512–527.https://jurnal.usk.ac.id/EEJ/article/view/27095

Butterfuss, R., Kim, J. A., & Kendeou, P. (2020). Reading comprehension theory, assessment, and instruction. Sa *Oxford Research Encyclopedia of Education*. Oxford University Press. https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190264093.013.864

Castles, A., Rastle, K., & Nation, K. (2018). Ending the reading wars: Reading acquisition from novice to expert. *Psychological Science in the Public Interest*, 19(1), 5–51. https://doi.org/10.1177/1529100618772271

Chin, A. S. W., & Ghani, K. A. (2021). The use of think-aloud in assisting reading comprehension among primary school students. *Journal of Cognitive Sciencesand Human Development*, 7(1), 11–32.

Davey, B. (2019). Thinking aloud: Modeling the cognitive processes of reading comprehension. *Reading Rockets Educational Portal*.https://www.readingrockets.org/classroom/classroom-strategies/think-alouds

De la Peña, C., & Luque-Rojas, M. J. (2021). Levels of reading comprehension in higher education: A systematic review. *Frontiers in Psychology*, 12, Article 712901.https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.712901

Duke, N. K., Ward, A. E., & Pearson, P. D. (2021). The science of reading comprehension instruction. *The Reading Teacher*, 74(6), 663–672.https://doi.org/10.1002/trtr.1993

Facing History & Ourselves. (2021). *Think aloud teaching strategy*. Facing History and Ourselves Resource Library. https://www.facinghistory.org/resourcelibrary/think-aloud

Hawtrey, K., & Bhati, S. (2019). Active teaching strategies and student engagement. *Journal of Higher Education Theory and Practice*, *19*(1), 18–32.https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1193332.pdf

Idulog, M. V. A., Gadiano, R., Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., Geron, C., Dequito, E., Genanda, J., Malipot, M. A., Pentang, J. T., & Bautista, R. (2023). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. *International Journal of Education and Teaching Zone*, 2(2), 233–242. https://doi.org/10.57092/ijetz.v2i2.128

Lestari, D., & Nurhaida, N. (2022). The effect of the think aloud strategy on students' reading comprehension ability. *English Education Journal*, *13*(3), 344–360.

Ness, M. (2018). *Everyday instructional coaching in action: Questions and strategies for secondary literacy leaders*. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315160863

Oakhill, J., Cain, K., & Elbro, C. (2015). *Understanding and teaching reading comprehension: A handbook*. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315756080

Oczon, J., et al. (2022). The efficacy of think-aloud strategy in improving reading comprehension of struggling readers. *Journal of Pedagogy and Educational Management*, 5(1).

OECD. (2019). *PISA 2018 Results (Volume I): What Students Know and Can Do*. PISA, OECD Publishing, Paris. https://doi.org/10.1787/5f07c754-en

Osterhaus, C., Magee, M., Sodian, B., & Koerber, S. (2020). The development of metacognitive strategy knowledge: A longitudinal study. *Child Development*,91(5), e1090–e1106. https://doi.org/10.1111/cdev.13393

Pratiwi, D. A., & Noorani, N. (2022). Think-aloud method: Developing students' reading comprehension. *English Education and Applied Linguistics Journal (EEAL Journal)*, 5(2), 114–127. https://doi.org/10.31980/eeal.v5i2.63

Singh, R. K. A., Singh, C. K. S., Mello, G. D., & Thambusamy, R. X. (2018). ESL teachers' levels of knowledge and practice in introducing Higher Order ThinkingSkills (HOTS) in reading comprehension. *International Journal of AcademicResearch in Business and Social Sciences*, 8(8), 326–339.https://doi.org/10.6007/IJARBSS/v8-i8/4470